

Mga Tagubilin sa Paghahanda para sa Colonoscopy: Hating Dosis ng Plenvu

Mangyaring basahin ang mga tagubilin ito isang linggo bago ang iyong procedure.

Ano ang colonoscopy? Ang colonoscopy ay isang procedure na nagbibigay-daan sa iyong doktor upang suriin ang sapin (lining) ng kolon para sa mga abnormalidad sa pamamagitan ng pagpasok sa puwit ng naibabaluktot na tubo at dahan-dahang pagpasok nito sa tumbong (rectum) at kolon.

Kailan ako dapat dumating at gaano katagal ang procedure? Mangyaring dumating sa GI Lab 30 minuto bago ang iyong procedure upang masuri at maihanda ka ng nars, tagapagbigay ng anestisya (kung naaangkop), at doktor bago ang iyong procedure. Magplanong maglaan ng humigit-kumulang 1 ½-2 oras sa GI Lab.

Mangyaring tandaan: Naka-iskedyul ang oras ng iyong procedure ayon sa aming pinakamahusay na pagtantiya kung kailan magsisimula ang iyong procedure. Maaaring may mga sitwasyon (hal. mga agarang kaso) na

Mga Lokasyon ng GI Lab

Evanston Hospital	2650 Ridge Ave.	Room 1134	Evanston, IL 60201	847-570-2236
Glenbrook Hospital	2100 Pfingsten Rd.	Ika-1	Glenview, IL 60026	847-657-5780
Highland Park Hospital	777 Park Ave West	B345	Highland Park, IL 60035	847-480-2828
Highland Park Medical Group Gastroenterology	1777 Green Bay Rd.	Suite 201	Highland Park, IL 60035	847-681-4229
Skokie Hospital	9600 Gross Point Rd.	Ika-1 Palapag	Skokie, IL 60076	847-933-6565
Vernon Hills Specialty Suites	225 N. Milwaukee Ave.	Ika-1 Palapag	Vernon Hills, IL 60061	847-941-7660

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay may diyabetes? Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong doktor sa pangunahing pangangalaga (primary care doctor, PCP) patungkol sa iyong pag-inom ng mga gamot para sa diyabetes bago ang iyong procedure.

Ano ang dapat kong gawin kung umiinom ako ng mga pampanipis ng dugo o mayroon akong stent sa puso? Kung mayroon kang stent sa puso o umiinom o gumagamit ka ng gamot tulad ng Coumadin, Plavix, Ticlid, Lovenox, Pradaxa, Xarelto o anumang iba pang pampanipis ng dugo, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong nagresetang doktor upang tukuyin kung dapat mong itigil ang gamot na ito bago ang iyong procedure. Mangyaring abisuhan ang aming tanggapan kung pinayuhan kang hindi itigil ang isa o higit pa sa mga gamot na ito. PUWEDENG ipagpatuloy ang aspirin o ibang mga NSAID (Advil, Aleve, Ibuprofen, atbp) bago ang iyong procedure.

Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong defibrillator o pacemaker sa puso? Dapat suriin ang iyong aparato sa loob ng 6 na buwan bago ng iyong naka-iskedyul na procedure. Kung hindi ito sinuri sa isang pasilidad

Kung mayroon kang defibrillator o pacemaker, mangyaring makipag-ugnayan sa GI Lab bago ang iyong nakaiskedyul na procedure.

- Glenbrook GI Lab: (847) 657-5780
- Evanston GI Lab: (847) 570-2236
- Highland Park GI Lab: (847) 480-2828
- Ravinia GI Lab: (847) 681-4229
- Skokie GI Lab: (847) 933-6565
- Vernon Hills GI Lab: (847) 941-7660

Ang aking dosis ng Plenvu – Dosis 1

PETSA: _____

ORAS: _____ (12 oras bago ang Dosis 2)

DAPAT na 12 oras ang pagitan ng mga oras ng dosis.

Ang aking dosis ng Plenvu – Dosis 2

PETSA: _____

ORAS: _____ (5 oras bago ang procedure)

1 ARAW BAGO ANG COLONOSCOPY:

Susunod ka sa isang diyeta ng malinaw na likido (clear liquid diet) buong araw. Bawal ang mga likidong kulay pula o ube (purple). Tanging ang mga sumusunod na likido lamang ang

Mga Sopas:	Malinaw na sabaw (bouillon, broth o consommé).
Mga Inumin:	Tsaa, kape, walang caffeine na tsaa/kape, Kool-Aid, Gatorade, malinaw na carbonated na inumin tulad ng 7UP, Sprite o ginger ale. HUWAG maglagay ng anumang gatas o produktong may krema sa
Mga Juice:	Mansanas, puting juice ng ubas, strained (sinalang) lemonade, limeade, orange na inumin, Crystal Light. Maaaring inumin ang anumang juice na malinaw at walang pulp.
Mga Minatamis	Mga water ice, Italian ice, popsicles, JELL-O, matigas na candy.

- HAKBANG 1: Dapat na 12 oras ang pagitan ng mga oras ng dosis. 12 oras bago ang Dosis 2, inumin ang Dosis 1 sa pamamagitan ng pag-inom nito nang mabagal sa loob ng 30 minuto- na susundan ng 500ml ng malililaw na inumin sa susunod na 30 minuto
- HAKBANG 2: Patuloy na uminom ng maraming inumin para sa nalalabing oras ng araw. HUWAG kumain o uminom ng anumang pagkatapos ng hatinggabi maliban sa iyong pang-umagang dosis ng Plenvu at malililaw na inumin ayon sa tinagubilin.

Ano ang dapat kong asahan pagkatapos ng paghahanda para sa bituka? Magsisimula kang magkaroon ng

SA ARAW NG IYONG PROCEDURE:

HUWAG kumain o uminom ng anuman maliban sa iyong pang-umagang dosis ng Plenvu at malilinaw na inumin ayon sa tinagubilin.

Mahalaga ang pagkumpleto ng pang-umagang dosis ng Plenvu para mas madaling makita ang kolon.

- **HAKBANG 1:** 5-6 na oras bago ang oras ng iyong procedure, inumin ang Dosis 2 sa pamamagitan ng pag-inom nito nang mabagal sa loob ng 30 minuto- na susundan ng 500ml ng malilinaw na inumin sa susunod na 30 minuto. Patuloy na uminom ng maraming malilinaw na inumin.
- **HAKBANG 2:** Itigil ang pag-inom ng Plenvu at malilinaw na inumin 2 oras bago ang iyong procedure.

o Paalala: Kung nagdudulot ng pagsakit ng tiyan ang mabilis na pag-inom, maaaring inumin ito nang mas mabagal, ngunit kailangang planuhing maubos ang solution. Dahil sa lasa, maaaring makatulong ang pag-inom sa pamamagitan ng straw. Subukang sumipsip sa lemon drop kada inom ng baso. Kung hindi mo makumpleto ang paghahanda o kaya ay nagsuka ka, mangyaring tumawag sa aming tanggapan sa (847) 657-1900 upang makipag-usap sa isa sa aming mga doktor.

Ano ang dapat kong asahan pagkatapos ng paghahanda para sa bituka? Magsisimula kang magkaroon ng maraming beses na matubig na pagdudumi. Sa simula, maaari kang makaramdam ng kabag ngunit magiging mas komportable ka na habang patuloy kang dumudumi. Maaaring magpatuloy ang pagtatae pagkatapos inumin ang solution.

Dapat ko bang inumin ang mga gamot ko sa umaga ng procedure? Kung umiinom ka ng gamot para sa puso o presyon ng dugo, dapat mo itong inumin sa umaga ng procedure nang may kaunting pagsipsip ng tubig. Maaaring inumin ang ibang mga gamot pagkatapos ng procedure maliban kung iba ang tinagubilin ng doktor.

Mga Tip:

- Subukang uminom ng maraming malilinaw na inumin tulad ng tinukoy sa tsart sa Pahina 2
- Maaaring mas madali para sa iyo na dahan-dahang inumin ang solution para sa paghahanda ng iyong bituka sa pamamagitan ng paggamit ng straw, at kung ito ay pinalamig sa refrigerator
- Makakatulong ang petroleum jelly para maiwasan ang iritasyon at maaaring mas nakakaginhawa ang mga wet wipe na nilagay sa refrigerator kumpara sa toilet paper
- Habang iniinom ang Dosis 1 at 2 ng Plenvu, kung makaranas ka ng matinding kabag, pamamaga ng tiyan, o pananakit, inirerekomendang bagalan mo ang pag-inom hanggang mawala ang mga sintomas na ito

Mga Bagay na Dapat Tandaan:

- **Dapat** na may nasa hustong gulang na handang samahan ka pauwi nang napapanahon pagkatapos ng iyong procedure; karaniwang 2-3 oras ito pagkatapos ng oras ng simula ng iyong procedure. Kung balak mong sumakay sa pampublikong transportasyon (hal. taxi, tren, Uber, o Lyft), kakailanganin mong ayusin na masasamahan ka ng isang nasa hustong gulang.

- Kung kailangan mong makipag-usap sa isang nars, o kanselahin ang iyong procedure, mangyaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa (847) 657-1900. Kung kailangan mong kanselahin ang iyong procedure, mangyaring abisuhan ang aming tanggapan nang hindi bababa sa isang linggo bago ang

Impormasyon sa Saklaw ng Insurance sa Colonoscopy na Dapat Mong Malaman

Naka-iskedyul ka para sa colonoscopy, isang pagsusuri ng kolon (malaking bituka) gamit ang inilawang nababaluktot na tubo. Sa oras ng colonoscopy, kung may nakitang abnormalidad, nagsasagawa ng biopsy sa oras din na iyon. Sa isang biopsy, tinatanggal ang bahagi o ang lahat ng abnormal na bahagi para sa pagpoproseso at kasunod na pagsusuri sa ilalim ng mikroskopo.

Iba-iba ang pagturing ng mga kompanya ng insurance sa colonoscopy depende sa plano sa benepisyo ng iyong kompanya. Mangyaring tandaan na kung iniskedyul ang iyong colonoscopy para sa “screening” (ang ibig sabihin ay wala kang sintomas sa iyong malaking bituka) at nakakita ang iyong doktor ng polyp o tisyu na kailangang tanggalin sa panahon ng procedure, hindi na itinuturing na screening na procedure ang colonoscopy na ito. Maaaring magbago ang iyong mga benepisyo sa insurance at maaaring mag-iba ang pagbabayad ng iyong polisiya ng insurance.

Mangyaring tanungin sa iyong carrier ng insurance upang beripikahin kung kailangan mo ng paunang pag-apruba (o paunang sertipikasyon) at tiyaking naiintindihan mo ang iyong pinansiyal na responsibilidad para sa procedure bago simulan ang paghahanda sa paglilinis ng iyong kolon. Dapat na mayroong numero na maaaring tawagan sa likod ng iyong card ng insurance.

Depende sa carrier ng iyong insurance, maaaring ituring na operasyon ang iyong procedure at maaaring naaangkop ang mga pagbabawas at co-pay. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong carrier ng insurance para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong saklaw.